# ELEKTRONIKONG KAGAMITANG PANTURO: SANDATA LABAN SA KAMANGMANGAN

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Ang ating kinabukasan ay hinuhubog at pinapanday ng isang guro. Kritikal ang tungkuling ginagampanan ng guro sa pagpapayaman ng kakayahang taglay ng mga mag-aaral – mag-aaral na mag-aambag sa ikauunlad ng kanyang bayan; o ikawawasak ng kanyang lipunan.

Pinatunayan na ng maraming pag-aaral ang malaking naitutulong ng kagamitang-panturo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ang nagsisilbing sandata niya laban sa kamangmangan. Ang mga kagamitang panturo na kaaya-aya sa mata at nakapupukaw sa isipan ay nakagaganyak sa interes ng mag-aaral upang lalong magkaroon ng atensyon sa itinuturo ng kanyang guro.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngunit ang mga "makukulay" na visual aids ay tila naging "malamlam" nang isinakatuparan ang ordinansa sa pansamantalang pagpapahinto sa mga face-to-face class nang kumalat ang pandemyang Covid-19 sa Pilipinas. Nagkaroon ng bagong moda ng pagtuturo-pagkatuto sa bansa. Maliban sa paggamit ng modyul, sumandig ang maraming guro sa paggamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo ng mga aralin. Ang mga nakagawiang kagamitang panturo gaya ng manila paper, cartolina, chalk, at iba pa ay napalitan ng mga mobile phone, tablet at computer. Dahil dito ay lalong namayagpag ang paggamit ng teknolohiya bilang kagamitang panturo ng mga guro sa kanilang mga aralin.

Ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay isang mahusay na lunsaran upang aktibong makilahok ang mga mag-aaral, lalo't karamihan sa mga kabataang mag-aaral

na ito ay mulat sa panahon ng digital media. Pinatunayan na ng maraming ekperto na ang paggamit ng iba't ibang elektonikong kagamitang panturo ay maglulunsad ng epektibong pagtuturo. Ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay hindi lamang nakapagpapaunlad sa karunungan, kakanyahan at komonikatibong kasanayan ng mga mag-aaral kundi nakatutulong din sa kanila upang makamit ang layuning pampagkatuto nang epektibo at kaiga-igaya.

Maganda ang naidudulot ng videogames bilang estratehiya sa pagtuturo ng aralin at ang paggamit ng powerpoint presentation ay naging popular sa kasalukuyang panahon na nagbubunsod sa makahulugnag proseso ng pagkatuto.

Sinamahan ng iba't ibang mga laro, nakalilibang na mga pagtataya, mga inobatibong gawain, at mga video ang gawaing pampagkatuto. Ang masaya at nakalilibang na kapaligiran sa birtwal na klase ay nakatutulong upang malinang ang atensyon at pokus ng mga mag-aaral sa aralin. Ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon ay nagbibigay ng positibong epekto dahil ito ay nagbibigay sa mga guro ng oportunidad upang umunlad ang propesyon na magpapaunlad sa pamantayan ng edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa malaking pagbabago ng sistema ng edukasyon ngayon dulot na rin ng pandemya, napakalaking tulong ang paggamit ng iba't ibang estratehiyang may haplos-teknolohikal. Ang elektronikong kagamitang panturo ay tulay upang maituloy pa rin ang pagtuturo ng mga aralin kahit na hindi magkasama sa iisang lugar ang guro't mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito ay napupunan ang pagkukulang mula sa puwang na idinulot ng kasalukuyang sitwasyon.

Sinabi ni Belvez (2000) sa guro nakasalalay ang malikhain at siyentipikong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sila ang nagsisilbing alagad at manggagawa ng sining at agham sa loob ng silid-aralan. Kaya dapat tandaan na ang pinakaepektibo at mahusay na

kagamitang panturo ay mismong mga guro. Ang guro ang magsisilbing behikulo upang ang ang danas ng pagkatuto ay maging makatotohanan, masining, at makabuluhan.

*Sanggunian:*

Belvez, P. M. 2000. Ang Sining at Agham ng Pagtuturo: Aklat sa Pagtuturo ng Filipino at/sa Filipino. Rex Bookstore. Sampaloc, Manila

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan